# Siya'y Nagmamalasakit Sa Inyo

Maaari lamang nating iyuko ang ating mga ulo ngayon habang makikipag-usap tayo sa May-akda ng Salitang ito. Makalangit naming Ama, pinasasalamatan Ka namin nang lubos para sa malaki't marangal na pribilehiyo na makadulog uli sa Iyo sa gabing ito. Kami po'y dumudulog nang may pagpapakumbaba sa Pangalan ng Panginoong Jesus, humihingi ng kapatawaran para sa aming mga kasalanan, at humihiling na Ikaw ay dumalaw muli sa amin ngayong gabi. At ibigay sa amin ang buong, sagana, sa lahat ng magagawa namin o maiisip.

2 Dalangin namin ang bawat tao na nasa Makalangit na Presensya. Sa mga lipos ng kasalanan, unang-una, na hindi Ka nakikilala, na ngayong gabi ay magkaroon ng kagalingan ng kanilang kaluluwa at kanilang espiritu, nang sa gayon sila'y magkalakip na maging Iyong mga lingkod ngayong gabi. Dalangin po namin, Ama, na sila na mga nasa bakod, gaya ng tawag namin dito, na hindi nila alam kung saang direksyon ba sila babaling, at marahil, ito na ang huli nilang pagkakataon. Dalangin namin, Ama, na ituon nila ang kanilang mga mata sa direksyon ng Langit. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

3 Hindi po namin kakalimutan sila na mga nagpapagaling, na mga nasa ospital at sa—sa mga tahanan, at mga maysakit na di makadalo sa gawain, gayong gustung-gusto nila, nang lubos. Hinihiling namin na ang mga Anghel ng Diyos ay dumako sa tabi ng kinararatayan nila sa gabing ito. At marahil yamang kami'y nagkakatipun-tipon nang sama-sama at nananalangin, na ibunsod Mo ang kapangyarihang nagpapagaling na dumako sa kanila, upang makadalo sila bukas ng gabi sa gawain, at makapagpatuloy. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

4 Nawa sa mga narito na may sakit at nagdadalamhati, nawa ang gabing ito'y maging gabi ng kanilang paglaya. Iyo pong pagpalain kami nang sama-sama habang patuloy po kaming naghihintay sa Iyo, sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus at alang-alang sa Kanya. Amen.

Makakaupo na kayo.

5 Napakainam pong makabalik sa Bahay ng Panginoon ngayong gabi! Ako po'y, naglalakad sa may pinto riyan, at may nakasalubong ako na isang—isang kapatid. Inabot ko ang kamay ko nang *paganito* at kinamayan siya, ang anak pala ni Kapatid na John Sharrit. Di ko alam kung paanong tumangkad nang ganito ang binatang 'yun. Tinanong ko siya, si David ay kasing laki na pala niya. At, buweno, parang nung nakaraang taon lang, nung huling narito ako. At sa palagay ko'y tatlong taon na. Pero siya nga'y maliit na batang paslit pa lang noon patakbo-

takbo sa palibot na nakasuot ng munting pares ng overall. At hayan na nga siya ngayong gabi, isang matikas, na matangkad, (buweno, sa palagay ko di naman niya naririnig ito) sasabihin ko, matipunong batang-batang lalaki. Haya't tunay na kinalakihan niya ang sarili niya. At ganoon nga 'yun sa lahat ng bagay. Kinalalakihan natin ang ating mga sarili.

6 At nasa Camelback Mountain po ako ngayong araw, kung saan tatlumpu't tatlong taon ang nakalilipas ay nagpapatrolya ako sa ilang sa dakong 'yan, sakay sa isang kabayo, nagtataboy ng mga buriko sa likod ng South Mountain dito. Sa palagay ko wala nang natitira sa Arizona na katulad ng dati, lahat kasi'y tinapyas na para maging mga daanan at daang-bayan. Buweno, may isa namang bagay, "Dito ay wala tayong bayan na namamalagi; ngunit ang hinahanap natin ay ang Bayan na parating, na ang Nagtayo at Gumawa ay Diyos." Alam ko na maraming tao ang dumadayo, at kailangan n'yong mangibang-bayan at maraming espasyo ang kailangan. Pero sadya pong nadidismaya ako na makita na ang mga dating disyerto ng cactus ay wala na't, ginawa nang proyektong-pabahay. At—at ganoon na ang itsura . . . Nadidismaya akong makita 'yan. Kung maaari lang sana'y di na ako magtagal na makita pa itong nagkakaganoon. Sadya pong, gusto ko—gusto ko 'yung orihinal, hayan nga. Oh, ang mga kabahayan n'yo naman ay magaganda, totoo naman 'yan. Pero, 'yun—'yun nga'y naiba na, ganoon nga ang ginawa ng tao. Ang kaisipan ko po kasi sa kagandahan ay 'yung di-gawang tao, haya't ang kaisipan ko sa kagandahan ay 'yung kung paano nga ito ginawa ng Diyos. Yung ganoon ang makita, 'yun nga ang gustung-gusto ko.

7 Pero, ang bansa nga nati'y lilipas, ang mga tao nati'y lilipas, at lahat dito'y lilipas. Tumayo ako minsan sa dako kung saan tumayo noon ang mga dakilang Faraon, at dakilang mga kapangyarihan na naghari sa mundo noon, at kinakailangan mo ngang maghukay nang dalawampung talampakan sa ilalim ng lupa para matunton ang mga sira-sirang labi ng kaharian na ito. At maging doon sa lugar ng mga Caesar, sa Roma; lumakad ako roon sa mismong kalsada, at kuwento nila, "Dalawampung talampakan sa ilalim nito ay kung saan si Ganito-at-ganoon, na dakilang emperador." Oh, naku! Hayan nga, dahil walang bayan na namamalagi.

Haya't nakatayo ang ating pag-asa sa wala
nang hihigit pa
Kundi sa katuwiran ni Jesus, at mayaman
Niyang Dugo;
Kapag ang lahat na nang nasa aking paligid ay
humantong na sa pagkabulid,
Siya ang mananatili kong saligan at pag-asa
magpakailanman.

Kay Cristo, sa matatag na Bato, ako nakatayo;
Lahat ng iba pang tayo ay buhanging gumuguho.

Yan nga ang kinapapanabikan natin!

8 At ngayon, sa gabing ito, nakikita natin na may mga nakatayo sa tagiliran. At sa pagkakaunawa ko bukas ng gabi magtutungo sila sa awditoryum, o kung saan, Madison Square Garden. Naku, para yatang dinadala na nila ang lahat dito sa kanluran ngayon.

9 Ang lahat po'y papunta na sa direksyong kanluran. Narinig ko minsan, sa isang munting tula, ang sabi, "Ang mga lupang pastulan. . .Kapag ang mga taga-silangan ay nagpupunta ng kanluran, ang lahat ng mga lupang pastulan dito'y ginagawa nilang palaruan ng golf. At ginigiba nila ang lumang mga kural at ginagawang swimming pool; ang koyote'y inilalagay sa New York Zoo." Tapos sabi, "Isang bagay na lang ang natitira, isang lubid para ibitin ang kanilang sarili, sa puno ng bulak." Kaya sa palagay ko ay ganoon ang kahihinatnan. Ganoon nga! Oo.

10 Napansin n'yo ba na ang direksyon ng sibilisasyon ay mula silangan patungong kanluran? At kung saan mismo dumaraan ang sibilisasyon, sinasalaula nito ang madaanan nito, habang ito'y dumadaan. Yun po ang katotohanan. Iisipin n'yo marahil na napaka negatibo kong mag-isip ngayong gabi, di po ba? Pero 'yun. . .Gusto kong mangaral tungkol diyan, isa sa mga gabing ito habang narito pa po ako, loobin ng Panginoon, sa paksang: kapag ang silangan at kanluran ay magtagpo. At 'yun nga ang ginawa nila. Tayo. . .Ang pinaka lumang sibilisasyon ay Tsina. At kung didiretso pa tayo pakanluran, tutugaygay mismo sa Tsina uli. Wala ngang kung ano pa kundi karagatan sa pagitan natin at sila. At ang ang silangan at kanluran ay kumikilos nang may paglalakip.

11 At alalahanin n'yo, sinabi ng Biblia, sinabi ng propeta, "Magkakaroon ng araw na hindi araw hindi gabi, tila isang mapanglaw na araw; pero sa gabi'y Magliliwanag, sa oras ng gabi."

12 Ngayon ang direksyon ng sibilisasyon ay mula silangan papuntang kanluran. At kung papaano nga na ang araw sa pagkakaposisyon ay sumisikat, sumisikat ito sa silangan at naglalakbay papuntang kanluran, at lumulubog sa kanluran.

13 Kaya naman, tingnan natin kung ano ang ginawa ng A-n-a-k nung dalhin Nito ang Liwanag ng Ebanghelyo. Sa pasimula, sa mga taga-silangan, nagkaroon ng pentecostes, isang lubos na pagbuhos ng Espiritu Santo, mga tanda, kababalaghan, mga himala, dakilang mga bagay na napangyari.

14 Ngayon mayroon na tayong araw na hindi araw hindi gabi, mapanglaw. Marami tayo nitong—nitong pakikianib sa iglesya, ilagay mo lang ang pangalan mo sa aklat ng pagdalo. "Pero

sa gabi'y Magliliwanag." Ang siya ring araw na sumisikat sa silangan, ay lumulubog sa kanluran. At ngayon ang dakilang Espiritu Santo na 'yun, sa pagdaan ng mga taon, ay nagpasinag nang sapat na Liwanag sa kalagitnaan ng kaiglesyahan at mga denominasyon, at iba pa, para sa mga hirang na ililigtas sa bawat kapanahunan.

15 Pero sumapit na sa Liwanag sa gabi ngayon! At ngayon ang siya ring Espiritu Santo, na may siya ring mga pagpapamalas, na ginagawa ang siya ring mga bagay, kumikilos gaya ng ginawa Nito noon, haya't sumisinag na sa mga taga-kanluran, kumukuha mula sa mga Gentil ng hirang para sa Kanyang Pangalan.

16 At ngayon ang silangan at kanluran ay nagtagpo, at ang sibilisasyon ay nagsalubong sa isa't isa, at nagbunsod ng isa sa pinaka palalo't, di-sibilisadong kondisyon na nasaksihan ng sanlibutan ni napanaginipan man. Tatalakayin natin 'yan isang gabi; hindi po 'yan ang tatalakayin ko sa gabing ito. Pero ito na talaga ang panahon, na tayo'y nasa huling panahon na talaga. Ito nga ang sinisikap kong gawin, ang balaan ang mga tao, sa tuwina, na tayo'y nasa huling panahon na.

17 Ano pang magagawa natin? Wala nang pag-asa sa kahit na anong bagay; tanging kay Cristo na lang. Basta't tandaan n'yo 'yan! Si Cristo ang tanging pamamalagi na mayroon tayo.

18 Di na tayo makababaling pa sa demokrasya. Tama naman ang demokrasya; pero ito'y nalaos na, naubos na nito ang nakatakdang buhay nito. May takdang buhay ang mga hari, ang mga kaharian, ang mga diktador, at lahat sila'y nabuhay sa kanya-kanyang panahon nila. Tunay namang ang demokrasya ang pinaka mainam na nakamit nila. Pero salaula na, dahil sa pulitika, bulok na bulok na ito hanggang sa kaibuturan. Wala nang kapaga-pagasa rito. Para nga kayong sumusubok na itayo pa ang isang sunog na sunog na bayan na tinupok hanggang maging abo. Di n'yo na ito maitatayo. Nasira na't wala na. At ganoon na ganoon talaga ang mangyayari. Siguradong ganoon ang mangyayari. Sinasabi ng Biblia na magiging ganoon nga.

19 Si Satanas ang pinuno ng bawat bansa. Lahat ng kaharian ay pagmamay-ari ni Satanas, at pinamamamahalaan niya ang mga ito batay sa kanyang paraan ng pamamahala. Pero hindi ba't inalok niya 'yun sa Anak ng Diyos isang araw? "Sa akin ang mga ito, ginagawa ko sa mga ito ang ibig ko, lahat ng mga kaharian sa mundo." Yan ang dahilan kung bakit nagaaway-away sila, at nagpapatayan at nagpapaslangan.

20 Pero sabi ni Jesus, "Lumagay ka sa likod Ko, Satanas."

21 Dahil, alam Niya na Siya ang magiging tagapagmana ng lahat ng ito. "At magalak kayo, kayo na buong kalangitan at kayo na mga banal na propeta, sapagkat ang kaharian na ito ng sanlibutan ay naging Kaharian ng ating Panginoon, at Siya'y

maghahari at mamamahala nang libong taon." Mangyari nga na wala nang gera. Oh, sa dakilang Araw na 'yan na darating! Oh!

22 Hayaan n'yong himukin ko kayo, sa Pangalan ni Cristo! Kayo na kalugud-lugod na mga tao rito, ilagay n'yo ang buong pag-asa n'yo sa Kanya, dahil, Siya ang tanging saligan. Dahil, may parating na pag-uuga. Ang demokrasya'y inuga na hanggang sa magpira-piraso. Ang mga kaharian ay inuga na hanggang sa magpira-piraso. Ang mga bansa'y inuga na hanggang sa magpira-piraso. Nasa dulo na tayo ng lahat ng mga bagay. "Pero tayo'y tatanggap ng isang Kaharian na hindi magagalaw; matatag, hindi matitinag, laging sagana sa mga kaawaan ng Diyos." Oh, gustung-gusto ko 'yun. Galak na galak ako, ngayong gabi, na ako'y Cristiano! Di ko—di ko—di ko alam kung anong gagawin ko kung hindi ako Cristiano. Siguro naging kaso na ako ng nagpakamatay kung hindi ako Cristiano. Yamang, sa pagkaalam at pagkakita ng mga bagay-bagay na ito, at—at pagkatapos sa kaloob na ito na ibinigay sa akin ng Panginoon, na paunang makita't mabatid ang bagay na ipagagawa Niya sa akin, sadya ngang ipinapakita sa akin ito. Alam ko na naroon lamang ito't abot-tanaw sa di kalayuan, kita n'yo. Haya't nakikita ko na palapit nang palapit ito, tapos mangyari nga na ibinubunsod nito na isigaw ko ang lahat ng nasa akin. Oh, takasan n'yo ang galit na parating!

23 Diyos, mahabag Ka. Makalangit na Ama, Oh Diyos, aking dalangin. Iyo pong sa kung anong paraan ay tulungan kami, Panginoon. Bigyan kami ng pagkaunawa sa malaking bagay na ito na gumagapang na parang ahas, kaakit-akit, sa ibon na 'yun na nung una'y malayang, nakadadapo sa puno. Pero ngayon ay napukaw ng ahas ang mata nito. At mangyaring nabibighani ito, haya't bibigay na, maya-maya ay mahuhulog na sa bibig ng ahas at sa nakalalasong pangil nito. Diyos, mahabag Ka. Nawa ang bawat isa na narito sa gabing ito, na di pa nakaangkla nang ganap kay Cristo Jesus na Anak ng Diyos, nawa dumulog sila ngayong gabi at maipanganak na panibago sa Espiritu, Panginoon, at nawa ang kanilang pag-aasam ay sa Kanyang Pagparito, "Lahat ng naghahangad sa Kanyang Pagparito." Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Sa Pangalan ni Jesus ito'y aming dalangin. Amen.

24 Nais kong kunin ang paksa ko ngayong gabi, loobin ng Panginoon, mula sa Aklat ng Unang Pedro. At kung gusto n'yo pong bumasa kasama ko, sa Unang Pedro, sa ika-5 kabanata, haya't simulan po natin sa bandang ika-5 talata. Unang Pedro 5, simula sa ika-5.

> *Gayon din naman,* kayong *mga kabataan, ay magsisuko sa* mga matatanda. *Oo, na kayo-kayo'y maglingkuran, kayong lahat ay mangagbigkis ng kapakumbabaan: sapagka't ang Dios ay*

sumasalangsang *sa mga palalo, datapuwa't nagbibigay ng biyaya sa mga mapagpakumbaba.*

*Kaya't kayo'y mangagpakababa sa ilalim ng makapangyarihang kamay ng Dios, upang kayo'y kaniyang itaas sa* kapanahunan;

*Na inyong ilagak sa kaniya ang lahat ng inyong* kabalisahan; *sapagka't siya'y nagmamalasakit sa inyo.*

25 Napakagandang Kasulatang pagbasa! Ngayon gusto ko pong kunin ito bilang paksa: *Siya'y Nagmamalasakit Sa Inyo.*

26 At nakasulat din, sa ika-14 na kabanata ng San Juan.

*Huwag magulumihanan ang inyong* mga puso: kung nagsisampalataya kayo *sa Dios, magsisampalataya naman kayo sa akin.*

Sapagkat *sa bahay ng aking Ama ay maraming tahanan; kung* hindi *gayon, ay sinabi ko sana sa inyo. Ako* ay *paroroon* at *ipaghanda ko kayo ng dakong kalalagyan.*

*At kung ako'y pumaroon at kayo'y maipaghanda ng kalalagyan, ay muling* babalik *ako,* para *kayo'y tatanggapin ko sa aking sarili; upang kung saan ako naroroon, kayo naman ay dumoon.*

27 Isa pang pahayag sa Kasulatan, ay ipananalangin daw Niya sa Ama, at pagkakalooban Niya tayo ng "isang Mangaaliw." "At ang Mangaaliw na ito'y ang Espiritu Santo, na di matatanggap ng sanlibutan, subalit Ito'y isang Mangaaliw para sa mananampalataya. At kapag dumating Siya, magpapatotoo Siya tungkol sa Akin, at magdadala ng mga bagay para sa inyong pag-alaala, na itinuro Ko sa inyo, at magpapakita sa inyo ng mga bagay na parating. Ang mapagpalang Espiritu Santo!"

28 At noong panahon ni Pablo, nung sabihin niya: "Kung kami. . .may isa na di marunong na pumasok sa kalagitnaan n'yo, at lahat kayo'y magsasalita sa iba't ibang wika, at walang tagapagpaliwanag, kung ganoon sasabihin ng di-mananampalataya na kayo'y nababaliw. Pero kung may isa na magpropropesiya at ihahayag ang lihim ng puso, sabi, kung ganoon ay magsisiluhod sila at sasabihin na tunay na ang Diyos ay kasama ninyo."

29 At narito tayo sa panahon na ito, nang may siya ring Mangaaliw na inihahayag ang Kanyang Sarili sa siya ring paraan na ginawa Niya noon. Grabeng kaaliwan, kalakip ang isang pangako!

30 Ngayon, hindi lahat ay may kalugud-lugod na Mangaaliw na ito. Wala sila, wala sila. Wala sila Nito. Inayawan nila Ito, tinanggihan nila Ito dahil sadyang di sila makasampalataya Rito.

31 May nag-iisang bagay lang na magagawa mong tanggapin ang kalugud-lugod na Mangaaliw na ito, ay kapag ikaw ay manampalataya sa Panginoong Jesus Cristo; ihayag ang iyong mga pagkakasala, magsisi, tumanggap ng Cristianong bautismo na isasagawa sa iyo, at mayroon itong pangako na pupuspusin kayo ng Diyos ng Espiritu Santo. Yun ang pangako Niya. Hindi Niya puwedeng bawiin Yun. Yun nga'y pangako Niya. Lagi kong sinasabi, kung ang isang tao'y puspusang matuturuan; at siya'y magsisisi at, mula sa puso niya, sumasampalataya siya sa Diyos nang buong mayroon siya; at kapag mabautismuhan sila, dali-daling dadako sa kanila ang Espiritu Santo, dahil Kanya mismong ipinangako na gagawin ito. Kanyang ipinangako Ito. "Tatanggapin ninyo ang Espiritu Santo, sapagkat ang pangako ay para sa inyo!"

32 Ngayon, ang mga tao sa panahon ngayon, ang dahilan kung bakit di nila Iyon matanggap, ay dahil humahadlang ito sa buhay espirituwal na hangad nilang ipamuhay. Sinabi ng Biblia na, "Ang sanlibutan, ang tao, ay mas ibig ang kadiliman kaysa sa Liwanag, dahil ang mga gawi nila'y masama." At ang isang taong may pagwiwiling lumakad sa kadiliman at gumawa ng mga bagay na masama, ay. . .ibig ang masasamang gawi, hindi magagawang ibigin ang Espiritu Santo. Dahil, sinabi ng Biblia, "Kung iniibig ninyo ang sanlibutan, o ang mga bagay ng sanlibutan, ang pag-ibig ng Diyos ay wala sa inyo."

33 Ngayon, marahil narinig n'yo na dati ang mga Kasulatan na ito, pero pakinggan lang natin ang mga Ito maigi. Totoo ba ang mga Ito? Mas totoo ang mga ito kaysa sa pagkakaupo n'yo sa iglesyang ito ngayong gabi. Mas totoo pa ang mga ito kaysa sa estado ng Arizona. Mas totoo pa ang mga ito kaysa sa kayo'y buhay na tao. Ang mga ito'y Walang Hanggang mga Salita ng Diyos, at Kanyang mga pangako. At buong langit at lupa'y lilipas, pero ang mga Salitang ito ay di kailan lilipas. Ang mga ito'y may kahulugan; kahulugang, maringal. Pero wala ngang magiging kahulugan ang mga ito sa inyo hanggang sa ihayag ng Diyos ang mga Ito sa inyo. Napaka inam nga na malamang Siya'y may malasakit sa atin! Kaya kung. . .

34 Ang tao, nilikha siya na may pagnanais na maaliw. Kaya naman kung ang tao'y di tatanggap sa daan ng Diyos, haya't gagawa siya ng daan sa ganang sarili niya. At susubukan niyang magpalit ng isang bagay sa halip na Espiritu Santo na 'yun. Oh, gusto ko ngang pakinggan n'yo ito! Ang isang lalaki o isang babae, na di tatanggap sa Espiritu Santo, na Mangaaliw, ay susubukan nilang aliwin ang sarili nila sa pamamagitan ng kung anong mapusok na pamalit na iprepresenta sa kanila ni Satanas. Si Satanas nga'y napakaraming pamalit. Pero bakit natin kailangan ng pamalit, samantalang ang pentecostal na kalangitan ay punung-puno ng totoo? Bakit ako kakain mula sa tapunan ng basura gayong may malinis na hapag naman na

punung-puno ng pinaka maiinam na pagkain? May kung anong bagay nga na mali sa pag-iisip ko kung gagawin ko 'yan. Ngayon, kalunus-lunos para sa isang tao na magsusubok na magpalit ng ibang bagay na hahalili sa dako Nun. Kung minsan nga inaaliw niya ang diwa niya sa paglabas-labas . . .

35 Katulad na lang ng isang nanay kung minsan na tinuturuan nila ang kanilang mga kay babata pang anak na babae na maging sikat. Na maging . . . Kanilang, 'yung buong ambisyon nila ay maging isang—isang balerina itong batang babae o kung ano. At alam n'yo ba na parang binigyan n'yo ang bata ng estrikninang lason, o parang binigyan n'yo na rin siya ng arsenic na lason na walang gagawin kundi bagbagin ang kanyang puso at dalhin siya sa libingan ng diyablo, o impyerno ng diyablo at libingan ng makasalanan, dahil walang mabuti na lilitaw mula roon. Pero pilit na iniisip n'yo, "Kung ang anak kong babae'y magiging ganito-at-ganoon lang sana siya!" At ipadadala n'yo pa nga sila dun sa mga kagaya ng ating YWCA dati, kung saan mag-eensayo sila roon ng rock-and-roll. At 'yung gaya ng baile noon ng matatanda, o kung anong sayawan.

36 Pagsapit nila ng trenta anyos, namamanglaw sila. Iniisip nila na, "Tumanda na lang ako't lahat, anupa't di pa ako nakapagtatamasa't nakapaghahasik ng sapat na ligaw na butil." At sinusubukan nila—sinusubukan nila kung minsan na manloko't yurakan ang panata ng kanilang kasal, kapwa lalaki at babae. Pareho silang walang pakundangan na ginagawa ito! Anong problema? May bagay na kulang sa kanila.

37 Kung minsan dinadaan nila sa pag-iinom. At pagkatapos kapag tumanda sila, aba, nagpupunta sa mga bahay-inuman, at magsisimula silang magpakalango. At kapag iinom nga sila, at talagang inom kung inom. Kaunti pa lang na alak sa una, at—at pagkatapos magpapalabas ng marami, at paglaon ay magiging lasenggo na sila.

38 At pagkatapos para maging sikat, nanonood sila ng telebisyon sa . . . at sa lansangan, at maninigarilyo. Ang pinaka mababang nagawa ng kababaihan sa ika-dalawampung siglo, ay nung nagsimulang manigarilyo ang mga kababaihan. Yun ang pinakamalaking pagsasabotaheng maglulugmok sa bansa natin. Sinisira nun ang moralidad, ibinubunsod nito—nito—nito na ang mga institusyon dito'y mapuno ng mga taong nasisiraan ng ulo, ibinubunsod nito ang mga ospital na mapuno ng mga may tuberkulosis, mga kanser na sakit. At lahat ay galing dun, at sa kabila nun ay ginagawa pa rin nila para makakuha ng aliw!

39 Nagbigay na sa atin ang Diyos ng mag-aaliw sa atin, ang Espiritu Santo, ang Mangaaliw ng Diyos! Yang mga bagay na 'yan ay mga pamalit lang na sa dulo'y magbubunsod ng kabulukan, at pandaraya, at pagnanakaw, at paggawa ng mga bagay na mali.

40 Tinanong ako ng munti kong anak na babae nung isang gabi, sabi niya . . . O, si munting Joseph po yata 'yun, sabi niya, "Daddy, mayroon po bang mangkukulam?"

Sabi ko, "Oh, meron."

41 Sabi niya, "May mahabang ilong ba siya, at nakasakay sa walis kapag gabi?"

42 Sabi ko, "Hindi. Pinturada ang mukha niya, at sa Cadillac nakasakay papunta sa isang—isang kasiyahang pag-iinuman." Yun ang modernong bersiyon nun.

43 Tapos sabi niya, "Yun po ba ang mangkukulam?" Di ko nga alam kung dapat bang sinabi ko 'yun sa kanya o hindi, dahil sa tuwing nasa lansangan kami't makakakita siya, sinasabi niya, "Daddy, may mangkukulam. Di po ba?" Buweno, sa palagay ko . . .

44 Alam n'yo, noong araw may tinatawag silang matandang Charlie Barleycorn. Ilan sa inyo na matatanda na'y naaalala pa siya, na 'yung sumbrero niya'y nakapababa't tinatakpan ang mga tainga niya. At kahit mga uwak ay takot sa kanya, kay Charlie Barleycorn. Oh, anlaki ng pinagbago niya simula nung lumabas 'yung pagbabawal sa mga inuming alak. Mangyari nga na ngayon nakalagay na ang litrato niya sa munting bote ng alak, na naroon sa bawat kahon ng yelo, at siya na ang pinaka sikat na karakter sa siyudad. Pero siya pa rin ang kasumpa-sumpang bagay na 'yun na magdadala ng kaluluwa ng tao patungong impyerno, at ng mga kabataan patungo roon sa institusyon ng mga baliw; at nagpabagong-anyo sa mga panahon na maging panahon ng mga baliw sa rock-and-roll at mga beatnik, at mga delingkuwenteng kabataan, hanggang sa maging kabaliwan. Na maging ang mga paaralan nati'y di sila makontrol; dalawampung libong mga guro ang umalis nung nakaraang taon.

45 Bakit? May Bagay silang hinahanap. Hinahanap nila Ito, at bigo ang kaiglesyahan na ibigay Ito sa kanila. Ang dahilan kung bakit nila ginagawa 'yan, ay dahil ginawa silang ganoon, na maghanap.

46 Pero sa dulo, ano nga ang kinasadlakan nila? Pagpatay ng ibang tao't pagpatay sa sarili nila. Lalaki na iniisip niya na ayos lang 'yung ginagawa niya na nakikipagtipan sa asawang babae ng kanyang kapitbahay, o maninira ng tahanan o minsan pa nga'y babae ang gumagawa. Iniisip n'yo na ayos lang 'yang ginagawa n'yo, pero sa dulo nga'y magtututok kayo ng baril sa inyong ulo, at pasasambulatin ang utak n'yo, o lulundag mula sa isang mataas na lugar kung saan, o papatayin ang sarili, iinom ng lason, magdrodroga, o kung ano, at masasadlak sa miserableng kalagayan na 'yun, at mamamatay at tutungo sa impyerno ng diyablo, dahil tinanggihan n'yo ang—ang tunay na Lunas.

47 May lunas tayo. Ang Kalbaryo ang lunas na 'yun. Si Cristo ang lunas. At Siya ang tanging lunas, ang tanging saligan, ang tanging daan. May mga bagay na makukuha n'yo lamang kay Cristo na di n'yo makukuha sa iba pa. Si Cristo ang daan; hindi *isang* daan, Ito *ang* daan. Mainam ang iglesya, mahal natin sila, pero ang iglesya'y hindi ang daan. Si Jesus ang daan! Hindi n'yo puwedeng ilagak ang inyong kabalisahan sa iglesya, ang iglesya'y walang kaligtasan. Maituturo lang kayo nito kay Jesus, na Siyang nag-iisang kaligtasan. Siya ang Daan, ang Katotohanan, ang Buhay. Ang nag-iisang daan patungo sa Ama ay sa pamamagitan ni Jesus! Ang tanging Mangaaliw, ang tanging Isa na Siyang may kakayahan, ang tanging may alam kung paano tayo pagmamalasakitan.

48 Mangyari nga, na di natin kayang pagmalasakitan ang isa't isa. Nabasa ko sa Kasulatan di pa katagalan, kung saan ang sabi Nito, "Hindi kinikilala ang Katawan ng Panginoon." At naisip ko, grabeng pahayag! Makikita sa Unang Mga Taga-Corinto 11.

> . . .*hindi kinikilala ang katawan ng Panginoon.*
>
> At *dahil dito'y marami sa inyo ang* mga masakitin *at* mahihina . . .

49 Ang Katawan ng Panginoon ay ang Iglesya. At wala tayong sapat na espirituwal na pagkilala para pagmalasakitan ang isa't isa. Paano tayo makakapagmalasakit kung tayo-tayo'y walang pagmamalasakitan sa isa't isa? Paano natin magagawa na magmalasakit sa mga naliligaw at naghihingalo? Sa anong ospital natin sila madadala? "Ilagak n'yo sa Kanya ang inyong kabalisahan, sapagkat Siya'y nagmamalasakit sa inyo."

50 Ang tao'y tumatahak sa pinaiksing daan, at ang nagbubunsod sa kanila na gawin 'yan ay dahil . . . Ang Diyos, nung ginawa nga Niya ang tao, hindi Niya ginawa ang tao na kailangan pa nitong gawin 'yun. Ginawa siya ng Diyos para masaya siya, na may kaluguran, na maaliw. Ang tao . . . Hindi ibig ng Diyos na ang Kanyang mga anak ay di maginhawaan. Maski kayo'y hindi n'yo . . .

51 Haya't, kayo na mga nanay ay babangon nang kalagitnaan ng gabi, kahit may sakit kayo; kung si bunso'y nasipa niya ang kumot niya, at alam n'yo na baka ginawin ang munting bata, haya't sisikapin n'yo kahit nahihirapan kayo na tumabi sa higaan, para maginhawaan lang ang bata. Kung may isa sa mga mahal n'yo sa buhay na nakaratay na may sakit na lagnat, at mangyari nga na matitiis n'yo na kahit matagalan kayo dun na may hawak na bimpo at hihilamusan ang kanyang mukha ng malamig na tubig, para paginhawain siya; gagawin n'yo ito, sa isa sa inyong mga anak. Mauupo kayo roon, kahit na kayo mismo'y may sakit at dapat sana na nasa higaan lang kayo na nagpapagaling, mauupo pa rin kayo roon, dahil mahalaga sa inyo ang inyong mga anak. Bahagi n'yo sila, sila'y ang buhay n'yo.

52 At ang Iglesya'y ang Buhay ng Diyos, sa lupa, at ibig Niya na ang Kanyang Iglesya'y maginhawaan.

53 At ano nga kaya, kung alam mo na ang magpupunas sa nilalagnat na noo ng iyong anak ay magiginhawaan siya. At tatanggi ito, at duduraan ka sa mukha, at aabot at kukuha ng bote ng wiski o kung ano na iinumin, na pamalit, imbis na 'yung haplos ng kamay ng nanay o kung ano.

54 Yan ang ginagawa natin kapag bumabaling tayo sa ibang mga remedyo. Napakaraming remedyo, pero may isa lang na Lunas. Si Cristo ang lunas, at tanging nag-iisang lunas dito. Siya'y nagmamalasakit sa atin. Iniibig Niya tayo, at nais Niya na tayo'y dumulog sa Kanya. Ginawa tayo ng Diyos na ganoon, na ang banal na bagay na 'yun ay nasa atin na nagmimithi ng kaginhawaan.

55 Binigyan ng Diyos ang lalaki ng isang asawang babae, para bigyan siya ng kaginhawaan, para may yumapos sa kanya. At kahit sinong lalaki, na mabuting asawa'y alam, na may kung anong bagay sa isang mabuting asawa. Na ang isang lalaki na bagabag na bagabag sa kanyang negosyo o—o sa takbo ng kanyang buhay, at pag-uwi niya; kahit gaano pang kagrabe, wala ni isa, maski doktor . . .

56 Ganoon po 'yun sa akin. Kapag dumarating ako mula sa pagiibayong-dagat o kung saan, at ako'y may pagkanerbiyos at masama ang lagay, at kulang sa tulog. At—at makakarinig ng iyak, at makikita ko 'yung maliliit na gutom na mga bata sa lansangan, at, oh, umiiyak at palaboy-laboy, pinasasama nun nang husto ang pakiramdam ko. Tapos pagdating ko ng bahay, hayan nga ang maybahay ko na mauupo sa patungan ng kamay ng silya, iyayapos ang kanyang bisig sa akin, at magsasabi, "Oh, Bill, nauunawaan ko—nauunawaan ko, alam mo 'yan."

57 Haya't kaunting tapik lang mula sa maybahay ko'y malaki na ang mabuting epekto sa akin; ganoon ito, sa isang asawang lalaki at asawang babae. Yun ang ibig dun ng Diyos. At kung papalitan natin ito ng ibang bagay, at kukuha kayo ng ibang babae para subukang ipagpalit dun, o ibang lalaki, makikita n'yo ang epekto ng gagawin n'yo.

58 Ngayon, hayan nga, binigyan Niya tayo ng mga kaibigan. Ibig Niya . . . Tayo, magkakaibigan dapat tayo. Magkakapatid dapat tayo. At ganoon ngang kainam na makadako sa isang mabuting kaibigan, sa panahon ng problema, at magsasabi, "Oh, kaibigan ko, may ganito't ganoong bagay na nangyari." At ang isang mabuti't, mapagkakatiwalaan na kaibigan ay uupo at makikipag-usap sa inyo, napakainam nga. Yun ay buhat sa Diyos. Katulad ng iyong asawang babae na buhat sa Diyos, iyong asawang lalaki, kapag kayo'y tapat.

59 Pero nasasadlak pa rin na anupa't ang tao, na lumilitaw ang kalikasan niya ng pagkahulog, na sinasalaula niya ang bigay sa

kanya ng Diyos. Unang-una, mas pipiliin niya ang bote, o ang sanlibutan, para bigyan siya ng kaginhawaan sa halip na ang Espiritu Santo. Binigyan siya ng Diyos ng isang asawang babae para maging kasama niya habambuhay, at di siya kuntento sa isa na 'yun, na kailangan pa niyang kumuha ng iba at ng iba; gayon din naman, ang babae sa lalaki. Mga kabataan man, at iba pa.

60 At maski ang lahat na ng mga nagbibigay kaginhawaan na 'yan na ibinigay ng Panginoon sa atin! Kapag sumapit na tayo sa dulo ng ating paglalakabay, at idinidiin na ang unan sa nilalagnat nating noo, at naghihingalo na. Walang magagawa ang ating asawa kundi ang tumayo na lang, at ang mga luha'y aagos sa kanyang mukha, na ang mga mata niya'y nakatingala sa Diyos. Walang magagawa ang ating kaibigan kundi tapikin tayo sa balikat at kamayan tayo; at tumayo, pisil-pisil ang kanyang kamay, dahil 'yan na lang ang magagawa niya. Pero kapag ang Mangaaliw, gaya ng sabi ni David, "Oo, bagaman lumakad ako sa libis ng anino ng kamatayan, wala akong katatakutang masama. Ikaw ay kasama ko. Ang Iyong pamalo at Iyong tungkod ang nagsisi aliw sa akin, maging sa libis ng anino ng kamatayan."

61 Bakit nga ba nauuhaw at nagugutom ang tao? Dahil, nung siya ay ginawa, ginawa siya't nilikha na may munting dako sa loob niya na ang Diyos ay makakapanahan, para aliwin siya. At nung yugyugin niya ang sarili niya palayo sa Diyos, sa pamamagitan ng kasalanan, mangyari nga na ang dako na 'yun ay naging bakante. At 'yun ang dahilan kung bakit niya Ito kinagugutuman, kung bakit niya Ito inaabot.

62 At ang problema ngayon, sa atin na mga Cristiano, ikinalulungkot ko na di natin ginagawa ang lahat ng magagawa natin para ipakita sa naliligaw nating kapatid na 'yun ang suliranin sa kanya. Na 'yun ang suliranin sa delingkuwenteng kabataan, ay dahil may kadelingkuwentehan sa iglesya at kadelingkuwentehan sa tahanan, na 'yun ang nagbunsod para sa isang kabataan na maging delingkuwente.

63 Yan ang dahilan kung bakit naglipana ang mga beatnik at kung sinu-sino pa sa lansangan, na patalon-talon pa, at lalo pang lumalala sa mga bagay na ito, ay dahil sinusubukan nilang sumumpong ng isang bagay na kukuntento sa kanila.

64 Hayaan n'yong sabihin ko ito sa gabing ito, sa Pangalan ng Panginoong Jesus! Walang makapagbibigay kasapatan gaya ng pagdating ng Kapangyarihan ng Espiritu Santo, na babago ng inyong buhay at ng inyong ugali, at magbibigay sa inyo ng kaaliwan at Buhay na Walang Hanggan.

> May isang bukal na puno ng Dugo,
> Na mula sa mga ugat ni Emmanuel tumutulo,
> Mga makasalana'y lumulubog sa agos ng dugo,
> Mga mantsa ng pagkakasala'y lahat naglalaho.

65 Ang isang asawang babae'y may kakayahan na magbigay ng kaaliwan at tumapik-tapik. Ang isang kabigan ay may kakayahan na maupo at magbigay ng mabuting payo. Pero may isang Bagay lang na makapag-aalis ng kasalanan, 'yun ang Dugo ng Panginoong Jesus!

> Anong sa aking sala'y makapag-aalis?
> Walang iba kundi ang Dugo ni Jesus;
> Anong makapagpapagaling sa akin muli?
> Walang iba kundi ang Dugo ni Jesus.

Gaya ng sabi ng manunulat:

> Oh, ang agos na 'yun ay katangi-tangi
> Na pinagigi akong puti gaya ng niyebe;
> Wala akong ibang nalalamang bukal,
> Walang iba kundi ang Dugo ni Jesus.

66 Hayun nga! Yun ang naglilinis at nagpapaging dalisay, at nagdadala sa pakikipagbuklod. "Kaunti pang panahon at di Ako makikita ng sanlibutan. Subalit makikita ninyo Ako, dahil Ako" (isang personal mismong panghalip) "ay kasama ninyo, sasainyo, hanggang sa katapusan ng sanlibutan. At sa panahon na Siya ang Espiritu Santo'y dumating, darating Siya, na isang Mangaaliw na ipadadala ng Ama sa Aking Pangalan. Siya'y magpapakita sa inyo ng mga bagay na darating, at magpapaalala ng mga bagay." Kailan? Sa pag-upo natin na sama-sama sa mga dakong Makalangit kay Cristo Jesus, ang Espiritu Santo na dumarating sa pamamagitan ng Salita, bumababa, nag-aaliw, nagbibigay ng kasiyahan.

67 Ang parating na pagkawasak ng mundo! Lahat ng mga bagay na mayroon ay naglalaho na ngayon. Lahat ng pag-asa'y naglalaho, at ang mundo'y wala nang dako na tatayuan. Sila'y nagsisipag-inuman, nagsusugal, nag-aasawa, pinag-aasawa, dahil tinanggihan nila ang tunay na Saligan ng kaaliwan, ang Espiritu Santo.

68 Pero tayo na nananampalataya sa Kanya, nakatingin tayo sa isang Kaharian na parating (purihin ang Pangalan ng Panginoon!), kung saan wala nang kalumbayan, o pagtangis, o pighati ng puso; bagkus kapayapaan, at kagalakan, at pag-ibig, at walang pagkamatay, ang iiral balang araw.

69 Ilagak n'yo ang inyong pagkabalisa! Kung mayroon kayong pagkabalisa, ilagak n'yo sa Kanya, dahil nagmamalasakit Siya sa inyo. Yung iba'y tumutugaygay patungo sa Eternal na kamatayan. Ito'y tumutugaygay sa Walang Hanggang Buhay. At ang tao'y nilikha nang sa gayon mithiin niya ang Mangaaliw na 'yun. Maghahangad siya ng isang mang-aaliw, dahil ganoon ang pagkakalikha sa kanya. Yun ang paraan ng pagkakabuo sa kanya ng Diyos, gumawa ng mga silid sa loob niya; kanyang kaluluwa, kanyang diwa, kanyang paningin, kanyang mga pandama, lahat ng bumubuo sa kanya. At sa munting silid na ito, ng bagay na

magpapaligaya sa kanya, para magbigay sa kanya ng kaaliwan, para alisin ang pagal at pagkanerbiyos mula sa kanya, ang Diyos ay naglagay roon ng Espiritu Santo. Oh, grabeng larawan! Grabeng katotohanan!

70 Ngayon, kaawa-awa kong nananamlay na kaibigan, kung narito kayo at di ’yan nalalaman, ako’y saksi mismo na ’yan ay katotohanan. Ako po’y may pagkanerbiyos, na natitigatig na tao. Irlandes, sa parehong panig, at—at sila’y nerbiyoso at mga lasenggo. At ang nanay ko’y kalahating Indian. Na, kung tutuusin, itong kapanganakan ko, pinagiging suwail ako nito. Tunay. Oh, teribleng tao ako, kalahating-lahi, kung tutuusin. Pero anong nangyari? Nakasumpong ako ng isang bagay na dumako sa munting silid na ’yun na narito sa akin, at nagbigay ng kapayapaan na di masayod ng pagkaunawa, at nanggaling ako sa kamatayan patungong Buhay, mula kadiliman patungo sa Liwanag. Oh, hinding-hindi ko Ito tatanggihan. Iyon ang Buhay ko. Siya’y lahat-lahat!

71 Tumayo ako noon sa ospital, papalapit na ako sa tatlumpu’t tatlong taon ko sa pagmi-ministeryo, halos malapit na malapit na akong bumigay noon kay Satanas. Noong ang munti kong anak na babae, si Sharon Rose, ay naghihingalo sa ospital. At nakatayo ako roon, at di namalayan ng doktor na naroon ako sa silid.

72 Hindi niya ako pinayagang makapasok, dahil ang bata’y may meningitis. Sabi ng doktor, “Billy, maipapasa mo kay Billy Junior. Huwag kang pumasok doon.”

Tapos sabi ko, “Dok!” At pinaupo niya ako.

73 Sinabi niya sa nars, sabi, “Pumunta ka, kumuha ka ng gamot, at ibigay sa kanya.”

74 Lumabas ang nars na may dalang munting baso, na mga *ganoong* kataas, at sabi, “Inumin mo po ito, Kapatid na Branham.”

75 At sabi ko, “Sige’t ilapag mo na lang diyan.” At tiningnan ko hanggang sa makalabas na siya ng silid. At doon sa pasilyo ay nagtungo ako, at doon sa pinaka ilalim na palapag!

76 At doon nga’y nakaratay ang sanggol kong anak, nakaratay dun na may mga langaw sa kanyang mga mata. May munting kulambo na nakapatong sa mukha niya, pangharang sa mga lamok.

At tinanaw ko ang nanay ng munting bata na ’yun na ang nanay ay nakaratay sa morge. Ang munti niyang kapatid na lalaki, si Billy, naroon din sa ospital, malala ang karamdaman. Ang tatay ko’y kamamatay lang noon sa bisig ko, ilang linggo bago ’yun. At ang kapatid na lalaki ko’y namatay rin, bigla-bigla. At hayun nga ito, at ako’y anupa’t batang-batang mangangaral lang noon! At tinanaw ko ang bata, at tumingin

ako. Sabi ko, "Oh, Sharon, anak! Heto si daddy, nakikilala mo ba ako?" At alam ko na nakikilala niya ako. Mistula ngang sinusubukan niyang, parang, mamaalam na sa akin. At 'yung munti niyang mga mata'y naduduling. Ganoon na lamang ang paghihirap niya, na kitang-kita ko ang munting mga asul na mga matang 'yun na naduduling na.

77 At pagkatapos tumingin ako sa kanya. At napaluhod ako, at sabi ko, "Diyos, ang kanyang nanay ay nakaratay roon sa—sa morge, ililibing na namin siya bukas ng umaga. Huwag Mo pong kunin ang anak kong sanggol, Panginoon. Hayaan Mo na palakihin ko siya. Siya'y kalugud-lugod! At huwag Mo pong kukunin siya, Panginoon." Pagkatapos lang nun, may parang itim na kumot na dumating, unti-unting naladlad, nawala siya sa paningin ko. "Ano't kinuha Mo pa rin siya, hayan nga!" Tumayo na ako.

78 At pagkatapos lumagay si Satanas sa tabi ko, at sabi niya, "At pagkatapos paglilingkuran mo Siya? Heto ka, walang-wala't musmos lang. At ang ibig mong sabihin. . .Balewala na lang ba 'yung mga nagawa mo? Tumatayo ka pa nga roon sa panulukan ng kalsada o saan mang dako na magagawa mo, at nag-aayuno ka pa nga hanggang sa manghina ka't di ka na makaakyat ng poste ng telepono, para magawa ang trabaho mo. At balewala na lang ba 'yung mga nagawa mo't hindi ba't nangaral ka't umiyak at nanalangin? At isang salita lang naman mula sa Kanya'y mababago na ang buong senaryo, pero ginawa ba Niya? Hindi, hindi Niya ginawa. Hinayaan Niya na ang bata'y mamatay. At pagkatapos heto ka na babaling at paglilingkuran pa rin Siya?" Halos bumigay na ako, nung oras na 'yun. . .

79 Nung di na kayanin ng mga binti ko ang pagkakatayo nang mahaba, tumukod ako sa kama. Sabi ko, "Sharry, nakikilala mo si daddy." At siya'y. . .naririnig ko 'yung pagbahing niya na para bang, at tumitingin-tingin siya. Alam ko—alam ko na mamamatay na siya.

80 Naisip ko, "Isang salita lang sana! Di Niya kailangang bigkasin, anupa't tumingin lang; ang sarili Niyang pag-iisip ay kaya nang baguhin ang senaryo, at aalisan ng meningitis ang anak ko at gagaling siya. Isang salita lang sana! Pero sa kabila nun ay di Niya ginawa."

Sabi ni Satanas, "Tapos magpapatuloy ka pa rin na paglingkuran Siya?"

81 At sa isip-isip ko, "Saan ako tutungo? Ano pa ang maaari kong gawin? Saan ako tutungo? Nasaan pa ba ang pag-asa ko? May bagay na nangyari sa akin," sabi ko, "ilang taon pa lang ang nakalilipas dito, haya't alam ko na iniibig ko Siya!"

82 Lumapit ako sa tabi ng higaan, idinantay ang mga kamay ko sa munting ulo ng anak ko, sabi ko, "Anak, Diyos ang nagbigay

sa iyo, at Diyos ang babawi sa iyo, purihin ang Pangalan ng Panginoon!"

"At gayong patayin Mo po ako, heto pa rin na magtitiwala ako. Sa Iyo!" Siyanga, po!

83 Sabi ko, "Dadalhin kita, anak, at iraratay ka sa bisig ng iyong nanay doon sa—sa morge ng tagapaglibing, mga isang oras mula ngayon. Pero kahit patayin Niya ako, wala akong ibang dako na tutunguhan. Siya ang tangi kong pag-asa na sukat kong masusumpungan. Siya ang tanging pinagsasaligan. Siya ang tanging kaaliwan na mayroon ako. At saan pa ba ako tutungo ngayon para magkaroon ng kaaliwan, maliban sa Kanya?"

84 Nung sabihin ko 'yun, dumating ang mga Anghel at dinala na siya. At halos mapahandusay ako, pero may bagay na nangyari! Siya ang aking Mangaaliw. Dumating Siya sa akin. Pinagmalasakitan Niya ako.

85 Pumupunta ako sa libingan, araw-araw, para tuparin ang obligasyon na magtungo roon bawat araw, para magdalamhati nang kaunti't manalangin. Ang senador ng estado'y miyembro ng aking iglesya, na iglesyang Baptist. At mangyari nga na ako'y—ako'y naglalakad sa kalsada, at si G. Isler, ang sabi niya. . .Napadaan siya't nakita niya ako, huminto siya, at tumakbo siya't inakbayan ako. Nakasuot ako noon ng bota, katatapos lang ng baha noong '37. At naglalakad ako roon sa kalsada, ang mga kamay ko'y nasa likuran ko. At huminto si G. Isler, at tumakbo siya papalapit sa akin, sabi niya, "Billy, nais kitang tanungin ng isang bagay, iho." Matanda na siya, buhay pa siya, nasa matandang edad na siya ngayon.

Tapos sabi ko, "Ano po 'yun, G. Isler?"

86 Sabi niya, "Narinig na kitang mangaral. Narinig na kitang mangusap, at ganoon na lamang na itinataas mo si Cristo at sinabi mo ang lahat ng mga bagay na ito patungkol sa Kanya! At hinayaan Niyang mamatay ang tatay mo sa bisig mo, na nasobrahan sa pag-inom nung gamot na 'yun na kumitil sa kanya."

87 Ang doktor ang kumitil sa kanya. Ni hindi niya alam ang ginagawa niya, binigyan niya si tatay ng kalahating grano ng estriknina, at 'yun ang pumatay sa tatay ko. At ako. . . At namatay siya sa mismong mga bisig ko, habang nakatingin sa akin.

88 Dalawa o tatlong araw lang pagkatapos nun, nasaksihan ko ang isang kalugud-lugod na Cristiano, ang hipag ko, asawa ng kapatid kong lalaki, na mamatay; at nakita ko pa siya na naupo at tumanaw sa ibong robin na nakadapo roon sa may puno, at umawit ng, "May Lupain sa kabila ng ilog."

89 Hayan din na noong ang asawa ko'y namatay, hawak-hawak ko ang kanyang kamay, sinasabi, "Bill, ipinangusap mo ito,

ipinangaral mo na ito, pero di mo lang alam kung gaanong kaluwalhati na lumipat mula sa buhay na ito patungo roon sa Kabila." Talagang ang lahat ng mga bagay na ito ay nakita ko na ginawa Niya!

90 At, oh, sabi ng kaaway, "Ngayon kinuha na Niya ang lahat ng mayroon ka, ano na ngayon Siya sa iyo?"

91 Sabi ko, "'Ikaw ang daluyan ng lahat ng aking kaaliwan, higit, sa aking kinabubuhayan; sino pa bang iba sa lupa ang mayroon ako kundi Ikaw lamang, o sino pa bang iba sa Kalangitan kundi Ikaw lamang?' Oh!"

Sabi niya, "Ganoon ba itong kahalaga sa iyo?" Haya't sabi ko, "Ganoon itong kahalaga sa akin!"

92 Nagtungo ako sa gilid ng burol kung saan siya nakalibing. At naupo ako roon nang kaunti, at para bang may kalugud-lugod na kalapating lumabas, umawit-awit, o humuhuni-huni, gabing-gabi na noon habang nakaupo ako roon at iniisip siya, at ang sanggol ay nakaratay sa bisig niya. At para bang ang hangin na umiihip sa mga punongkahoy ng pino, ay umaawit.

> May Lupain sa kabila ng ilog,
> Na magpakailanmang kairog-irog,
> At mararating lang natin ang baybay sa pamamagitan ng pananampalatayang taglay;
>
> Isa-isa tayong lumalapit sa lagusan,
> Na doon maninirahan kasama ang mga walang kamatayan,
> Balang araw ay kanilang patutunugin yaong mga kampanang gintuin para sa inyo at sa akin.

93 Yun ang huling mga bagay na sinabi ko sa asawa ko nung mamatay siya, at hinagkan ko siya ng pamamaalam. Sabi niya, "Huwag kang hindi mag-aasawa, Billy. Mag-asawa ka ng isang mabuting babaing puspos ng Espiritu ng Diyos, para palakihin ang mga anak ko." Di niya alam na ang sanggol namin ay mamamatay nung kasunod na araw. Pagkatapos ang sabi niya, "Kakatagpuin kita sa umagang 'yun." Sabi niya . . .

94 Sabi ko, "Tumayo ka dun sa silangang bahagi ng pintuang-bayan. At kapag nakita mo si Abraham, Isaac, at Jacob, at ang mga anak na 'yun ng Kaharian na pumapasok, sumigaw ka lang, 'Bill! Bill!' nang malakas sa abot ng makakaya mo. Titipunin ko ang mga bata at kakatagpuin ka roon." Yun ang huli naming pagkikita. At sa paglilingap ng Diyos, akin pa ring ilalagak ang aking kabalisahan sa Kanya, sa tulong ng pag-aaliw ng Espiritu Santo, na balang araw ay gagawin kong realidad ang pakikipagkita na 'yun, kapag siya'y nakatagpo ko na roon.

95 Sa biyaya ng Diyos, mananatili ako sa misyon ng pakikipag punyagi at mangangaral ako hanggang sa ang buong buhay ko'y magugol lahat para sa Kaharian ng Diyos.

96 Oh, ilagak n'yo ang inyong kabalisahan sa Kanya, Siya'y nagmamalasakit sa inyo. Ngayon Siya'y nagmamalasakit sa inyo, ngayon batid natin. Tanungin natin, pansumandali, kung Siya ba'y nagmamalasakit sa atin. Sige.

97 Nagmalasakit Siya sa may ketong nung narito Siya noon sa lupa. Naroon ngang nakaupo ang may ketong.

98 Nakakita na ba kayo ng may ketong? Oh, marami na akong nakita na gaya nila, niyakap ko pa sila, sila na mga namumuti dahil sa ketong. Mukha 'yung butig na kulugo pero nakalabas 'yung loob.

99 Nakaupo siya roon na wala ngang humihipo sa kanya, doon sa lusak at dumi at yurak ng kalsada, talagang abang-aba ang kalagayan, kung saan ang lahat ng tao'y takot na lapitan siya. Siya'y isang. . .Siya'y pinagtatabuyan. Itinaboy siya mula sa sosyedad ng siyudad, mula sa sosyedad ng iglesya, mula sa sosyedad ng—ng lahat ng nasa siyudad. Walang may gustong magkaroon ng kaugnayan sa kanya. Kung mayroon man silang gagawin, mag-iitsa lang sila ng kapirasong tinapay at sa lupa pa mismo pinadadampot 'yun. Ayaw nilang lumapit sa kanya.

100 Pero may malasakit sa taong ito si Jesus. Lumakad Siya kasama ang may ketong na ito, at naupo. Nakikinita ko Siya na ipinapatong ang Kanyang mga kamay sa tao na may ketong, at nagsabi, "Ibig Ko, luminis ka." Oh, pinagmalasakitan Niya ang taong ito na may ketong. Nung wala ni isa na nagmamalasakit, nagmalasakit Siya.

101 Nung walang nagmamalasakit sa inyo, hayan pa rin Siya na may malasakit!

102 May matandang bulag na pulubi, na ang mga manggas niya'y gula-gulanit, balbas-sarado, at walang makain, nakaupo sa tabi ng pintuang-bayan isang araw, namamalimos. At ang Anak ng Diyos, sa Kanyang daan patungong Kalbaryo, para mapako sa krus, dala-dala ang mga kasalanan ng mundo sa Kanya; pero may isa na sumigaw, "Ikaw na Anak ni David, mahabag Ka sa akin!"

103 Magagawa ba ng isang tao na ganoon ang katayuan, may tao ba, na isang Presidente, isang alkalde, isang gobernador ng estado, isa na nasa puwersa ng pulisya, na hihinto para sa isang abang gaya nun? Madalang kayong makasusumpong ng ganun.

104 Pero si Jesus nga'y nagmalasakit. Inilagak ng pulubi ang kanyang kabalisahan sa Kanya, at Siya'y nagmalasakit. Sabi Niya, "Anong nais mo na gawin Ko para sa iyo?"

Sabi, "Panginoon, ang makatanggap ako ng paningin."

Sabi Niya, "Niligtas ka ng pananampalataya mo." Siya'y nagmalasakit sa taong 'yun.

105 May isang imoral na babae isang beses, na manlalasing o patotot tila ba, haya't ganoon na lamang kaimoral na ang mga kababaihan sa bayan ay mangingimi na hawakan siya. Ang babae'y isang pinagtatabuyan. Lumabas siya para umigib ng tubig, kailangan niyang maghintay hanggang magtanghali. Di kasi siya puwedeng pumunta't makihalubilo sa mga disenteng babae. Wala ngang may ibig na magkaroon ng kaugnayan sa babae na 'yun. Kasal siya, at kayraming naging asawa, at may kinakasama pa noon. Walang may malasakit sa kanya. Ang mga tao'y masyadong sosyal at pormal. Walang may malasakit!

106 Pero ganoon na lamang ang malasakit Niya sa babae na sinabi Niya sa babae ang lihim ng puso nito, at pinatawad ang bawat kasalanan. At may inilagay na isang Bagay sa kanya, kaya nagtatakbo siya patungong bayan, na sinasabi, "Halikayo, nakita ko ang isang Lalaki na nagsabi sa akin ng mga bagay na ginawa ko."

107 Kita n'yo, 'yun ang nagpapaging dakila Niya sa akin. Hindi Siya mapagmalaki. Siya'y biyaya ng Diyos sa mga tao. Siya ang pag-ibig ng Diyos na nahayag sa laman. Kahit na gaano pang kaliit o kahamak ang tao, nagmamalasakit Siya; imoral man, mga lasenggo, manlalasing, anupaman.

108 Naiisip ko ang munting Rosella Griffith, sa Chicago. Ang libro niya'y lalabas na. Siya'y dumalo ng pagtitipon, ganoon na lang siyang katindi ang kalagayan na tinanggihan siya ng—ng kilalang Alcoholics Anonymous. At nasa anim o walo yatang kilalang ospital sa Chicago ang di na siya isinasali sa listahan, "huwag nang tanggapin" doon. Anupa't ganoon na lamang kasadlak ang kalagayan niya, hanggang sa ang tanging bagay na naiwan sa kanya'y balabal na bigay sa kanya ng kanyang nanay; nilaslasan niya 'yung loob nun ng bulsa't itinatago roon ang mga bote niya, ganoon na siyang kalango sa alak, na kung wala 'yun maninigas siya hanggang sa mamatay, nakahandusay na lang sa kanal kapag gabi. Isang kabataang babae, matalino, edukada; pero miserableng hamak. Naupo siya sa balkonahe noon, sa Indiana kung saan kami nagdadaos ng pagtitipon, wala ngang may malasakit sa kanya. Kung nakilala lang nila kung sino siya, baka nangilag sila sa kanya.

109 Pero nagmalasakit si Jesus. Pinakilos Niya ako, at sabi, "Ang babae na nakaupo riyan, ang pangalan niya ay Rosella Griffith. Isa siyang manlalasing. Tinanggihan na siya ng 's-Anonymous, at wala na silang magawa na anuman sa kanya. At wala na siyang pag-asa. Pero nanampalataya siya sa Kanya. GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Mula sa oras na ito, hindi na siya manlalasing." At ngayon isa na siyang kalugud-lugod, na mapagmahal na Cristiano; haya't bumibisita sa isang

dako patungo sa isang dako, at mula sa isang bahay-inuman patungo sa isa pa, mula sa isang kulungan patungo sa iba pang mga kulungan, na ipinapangaral ang Ebanghelyo, para iligtas ang mga manlalasing.

110 Nagmamalasakit si Jesus, kaya ilagak n'yo lang ang inyong kabalisahan sa Kanya. Sa kalungkutan n'yo, nagmamalasakit Siya. Kayo, kapag mawawalan kayo ng mga mahal sa buhay, Siya'y may malasakit. May malasakit siya para sa mga patay, sa mga namatay kay Cristo.

111 Isang araw, ganoon na lamang ang pagod Niya sa biyahe Niya, halos di na Siya makapaglakad pa. Pero hayan nga't may pasalubong na isang—isang pangkat mula sa siyudad, isang prusisyon ng paglilibing, at ang munting nanay ay ganoon na lang ang pagkabagabag na itinataas niya ang kamay niya sa ere, at nanginginig-nginig. "Oh Jehovah, bakit Mo siya kinuha? Nag-iisa ko siyang anak!"

112 Pagod na pagod Siya noon at hapong-hapo, pero mayroon nga Siyang malasakit para sa mahirap, na munting, babae na 'yun na bagbag ang puso. Siya'y lumakad palapit sa mga—mga tagabuhat na—na nagbubuhat nung—nung kabaong na 'yun, at hinawakan 'yun, at sabi, "Iho, bumangon ka!" Bakit? Siya'y nagmalasakit.

Nauunawaan Niya. Ngayon nalalaman natin, batay sa buhay Niya, na Siya nga'y nagmamalasakit.

113 Ngayon ang tanong, sa atin ngayong gabi, kayo ba'y may malasakit? Siya'y may malasakit. Pero ngayon kayo ba'y may malasakit? Kung di kayo nagmamalasakit, kung ganoon ay di Niya kayo matutulungan. Pero, kung sapat ang malasakit n'yo, o sapat ang pagmamalasakit n'yo sa sarili n'yo! Naririnig ko sa mga tao ang ganitong pambihirang kataga, "Wala akong pakialam kung magiging ano ako." Oh, naku! Tunay na may pakialam ako sa kung anong mangyari sa akin. Tunay, may pakialam ako. May malasakit ako. At naniniwala ako na ang sinuman, sa kanilang tamang pag-iisip, ay nagmamalasakit. Gusto kong malaman kung anong mangyayari sa akin. At kung batid ko na minamahal Niya ako, walang iba na makapag mamahal sa akin nang tulad nun. May malasakit Siya sa inyo. May malasakit Siya sa inyo. Kahit na gaano pa kayong kaliit, kahit gaano pa kayong kahamak, gaanong kapobre, gaanong malamig ang loob, gaanong karaming beses na sumubok kayo at mabigo, Siya'y nagmamalasakit pa rin. Kumakatok pa rin ang pag-ibig Niya sa pinto ng inyong puso. Pero magiging walang utang na loob ba tayo roon? Sa buong araw rito kung saan . . .

114 Sinabi ko na ito sa inyo. Umaasa ako na hindi ito maging lampas-lampasan lang sa inyong ulo. Umaasa ako na di lang ito napadaan lang, bagkus matatandaan n'yo ang mga salita na ito. Na, ang lahat ng bagay ay nasa dulo na. Ang sibilisasyon ay nasa

dulo na. Ang demokrasya'y nasa dulo na. Lahat mismo! Ang bansang ito'y tadtad na ng mga butas, anumang oras ay sasabog na magpipira-piraso. Oh! Ang ibang bansa man, ang mundo, ay nasa katapusan na. Dahil, bawat mortal na bagay ay dapat mamatay, para humalili ang walang pagkamatay. Kailangan nating mapunta sa puntong 'yun. Narito na tayo. Narito na tayo sa dulo. At walang ibang pagsasaligan, walang iba na maaari n'yong. . . At wala nang ibang magmamalasakit kundi si Jesus, at tunay Siyang nagmamalasakit.

115 Sapat ba ang inyong pagmamalasakit na isuko ang inyong buhay sa Kanya, na iibigin Siya, na dadako kayo sa lansangan, pupunta sa inyong amo, sa inyong kapitbahay, sa lahat ng dako, na may matimyas, na magiliw na espiritu? Ihiwalay n'yo ang inyong sarili mula sa mga bagay ng sanlibutan, at mabuhay ng isang payapa't, kalugud-lugod na buhay, na ang ibang tao'y makita nila si Jesus na nasa inyo. Hindi ba't nararamdaman n'yo na utang n'yo ito sa Kanya? Huwag tayong maging walang utang na loob, kayo na mga narito.

116 Kagabi nung lumabas ako, may isang munting babae na nakatayo sa may pintuan. Sana narito siya ngayong gabi. Nung napadaan ako, nakatayo siya roon na may hawak na munting sanggol. Umiyak ito. Ang babae'y hindi Cristiano. Pero ayaw nga niyang makagambala sa Mensahe, kaya lumabas siya na dala-dala ang bata. Nung lumabas ako ng pinto, sabi niya, "Oh, gustung-gusto ko pa naman sanang marinig ang dulo ng Mensaheng 'yun!" At ako. . .

117 May nagwika sa akin, "Ito'y kaloo-. . . di basta kalooban. Ito'y sa Diyos mismo."

Sabi ko, "Ginang, isa ba kayong Cristiano?"

118 Sabi niya, "Hindi, po. Pero umaasa ako na maging ganoon balang araw." Kalugud-lugod na munting nanay, dala-dala ang munting sanggol sa kanyang bisig.

119 Sabi ko, "Narito Siya. Huwag mo nang patagalin pa." At doon ay iniyuko namin ang aming ulo, magkalakip kami, at nanalangin. At hiniling ko sa Diyos na tanggapin ang kanyang kaluluwa.

120 At nung matapos na, nung matapos na akong manalangin, sabi niya, "Amen." At unti-unti niyang pinupunasan ang mga luha sa kanyang mga mata.

121 Bakit? Ipinakita niya mismo. Gayong nais na nais niya sana ang Mensahe, sa kabila nun, di man niya 'yun napakinggan, naisip niya na mahalagang ang iba'y mapakinggan 'yun. Ninais niya na ang iba'y makuha 'yun.

122 At anong ibinunsod nun? Nagmalasakit ang Diyos. Hayan nga na pinatayo Niya ang babae roon, doon mismo sa dako na 'yun, para tanggapin ito. Hayan nga. Nagmamalasakit Siya.

Batid Niya kung paano pagaganahin ang mga bagay-bagay nang tama. Tayo ba'y kumikilala na ba nang sapat?

123 Naalala ko ang isang kuwento na nangyari sa isang bayan sa malapit. Ilang taon ang nakararaan, may isang nanay na pinadala ang anak niyang babae para mag-aral sa kolehiyo. Ang pangalan ng dalaga'y Mary. At mangyaring ang dalaga'y isang mainam na babae, nung umalis ito ng tahanan. Mayroon siyang. . . Ang nanay niya'y naglalabada, at kung ano pa, para—para matustusan siya sa kolehiyo. At isang araw dumalaw ang dalaga sa tahanan nila. At mangyari na nahalubilo dun sa halo-halong mga tao. At nahalubilo siya sa isang babae roon na di-mananampalataya na makasanlibutan talaga't walang Diyos.

124 At terible talaga na mahalubilo ka sa ganoon. Ihiwalay n'yo dapat ang inyong mga sarili sa mga bagay ng sanlibutan. Lumabas kayo! Huwag magmarunong, huwag kayong umasta na kayo'y mas marunong; anupa't huwag n'yong mantsahan ang kasuotan n'yo ng kasalanan. "Huwag kayong makibahagi sa kasalanan ng ibang tao." Kung ibig n'yong magpahayag ng kalakasan ng loob para sa ibang tao, mainam. Pero huwag kayong lulublob kasama ng baboy! Layuan n'yo 'yun. Siyanga.

125 At ang dalagita nga'y nagpasadlak sa lubluban kasama ang babae na ito. At kaya naman nung umuwi na siya, huminto ang tren sa harap. At 'yung dalagita, nakaupo sa tabi ng bintana, tumanaw siya.

126 At naroon ang isang matandang babae, na punung-puno ng peklat ang buo nitong mukha, at 'yung leeg ng babae'y impis, 'yung munti nitong mga kamay ay halos buto-buto na lang na gaya nun, haya't nakaantabay nang buong puso nito, may hinihintay na bababa ng tren.

127 At 'yung babae'y kasama ni Mary, sabi nito, "Mary, tingnan mo 'yung mukhang-bruhang babae na 'yun!" Sabi, "Hindi ba't ang pangit-pangit ng itsura niya?" At ang nanay 'yun ni Mary.

128 At si Mary, dahil inaalala ang sasabihin ng kaibigan niya, sabi niya, "Oo, nga. Ang pangit talaga!"

129 At nung bumaba na sila ng tren, naipit sa situwasyon si Mary, 'yung nanay niya'y tumatakbo palapit sa kanya at ang sabi, "Oh, anak, natutuwa akong makita ka!"

130 At tinalikuran ni Mary ang nanay niya. Tapos sabi niya, "Di kita kilala," at nagsimulang lumakad palayo.

131 At mangyaring may isang kundoktor na nakatayo roon, at bumaba ito sa patungan niya, at sabi niya, "Sandali lang!" At napansin ito ng lahat ng nasa paligid. Sabi niya, "Grabe kang bata ka! Paano mo naaatim na talikuran ang sarili mong nanay dahil lang sa munting maldita na 'yan na kasa-kasama mo? Di ka ba nahihiya sa sarili mo, Mary?"

132 Sabi, "Mangyari na alam ko ang pangyayari. Pakinggan mo ito, kabataang babae," sabi dun sa isa pang dalagita na may sabi nun. Sabi, "Nanay niya 'yun. At wala ngang araw maski kailan pa na si Mary ay kahit kalahatiang mas maganda kaysa sa nanay niya. Kilala ko ang nanay niya nung kabataan pa ito." At sabi, "Siya nga'y masayang ikinasal. At nagkaroon siya ng munting sanggol, si Mary. At nasa taas siya noon, at binuksan ng nanay ang mga bintana para ang—ang hangin ay. . . At may duyan sa taas." Tapos sabi, "Nagpunta ang nanay sa ibaba at inaasikaso ang labahin niya, sinasampay na sa bakuran. At biglang nagliyab ang bahay. At huli na nang malaman niya, nasusunog na ang bahay, ang mga kapitbahay ay nagtakbuhan. At nung sumapit dun ang nanay ni Mary, sabi, sabi niya, 'Ang sanggol ko! Ang sanggol ko, nasa itaas siya!' At sabi ng mga bumbero, 'Di na mapigilan ang pagkasunog ng bahay. Wala nang paraan para makapasok pa roon.' Pero anong ginawa ng nanay niya? Hinatak niya ang munting apron na suot-suot niya, na basa noon ng tubig sa paglalaba, at ibinalot niya sa kanyang mukha, at sinuong ang apoy. At sinubukan pa siyang pigilan ng mga pulis. Mabilis siyang tumakbo sa itaas ng hagdan. Bakit? Dahil ang mahal na mahal niyang sanggol ay nakahiga roon. At hinablot niya ang sanggol, at naisip niya, 'Prinotektahan ako ng basang basahan na ito. Pero kung isusuong ko rin dun ang sanggol pabalik, papasuin nito ang sanggol, sa mga liyab na 'yun.' Kaya ibinalot niya ang sanggol sa sarili niyang basang damit, yakap-yakap sa kanyang dibdib, at sinuong ang apoy. At pinaso ng apoy ang balat niya sa mukha."

133 Sabi, "Yan ang dahilan kung bakit pangit siya. Pangit siya, nang sa gayon ay maging maganda ka. At ang ibig mo bang sabihin ay tatalikuran mo ang iyong nanay na gumawa ng sakripisyo na ito?" Sa kahihiyan, iniyuko ng dalagita ang ulo niya.

134 Iniisip ko na dapat ganoon din tayo. Itong Ebanghelyo, itong Mangaaliw na mayroon tayo, itong Espiritu Santo na binabansagan ng sanlibutan na "panatisismo," na wiling-wili ang mga tao na bansagan silang "mga holy-roller," di ba kayo nahihiya? Ikinahihiya n'yo ba ang sakripisyo na ginawa ni Jesus doon sa krus, nang sa gayon makamit natin ang kaaliwan na ito? Ipagpapalit n'yo ba Ito sa kaaliwan ng sanlibutan, para maging sikat sa mga kapitbahay? Huwag sana itulot ng Diyos!

135 Nawa'y mailagak natin ang ating kabalisahan sa Kanya, dahil Siya'y nagmamalasakit sa atin! Nawa'y maibig natin Siya at maitangi Siya nang buong mayroon sa atin!

136 At, oh, gaya ng pagbalik noon ng mga alagad na 'yun, na nagbubunyi dahil ibinilang silang karapat-dapat na pasanin ang pamimintas dahil sa Kanyang Pangalan, ganoon na ganoon ang nararamdaman ko sa gabing ito. Di ko alintana, sabi-sabihin n'yo man na ako'y "nawawala na sa tama kong pag-iisip," kahit

na bansagan n'yo pa akong "holy-roller." At sinabi nga ng iglesya kong Baptist na mawawala ako sa katinuan ng pag-iisip, o magiging holy-roller ako.

137 Pinaalis ako ng tatay at nanay ko mula sa bahay nila, na wala akong dala kundi papel na supot lang sa ilalim ng kili-kili ko, na ang laman ay ilang damit; isang munting kamiseta at pamalit lang na panloob, at dalawang pares ng medyas, 'yun lang ang dala-dala ko. At 'yung sarili kong mga kapamilya, "Di mo puwedeng dalhin ang ganyang bagay rito't manatiling anak pa rin namin." At kaya't nagpunta ako ng New Albany, nang di ko alam kung saan ako pupunta, na wala man lang mahiligan ang aking ulo.

138 Pero, kapatid! At ang diyablo nga'y pumunta sa akin nung oras na 'yun, nung oras na mamamatay ang aking anak. Ilang beses, na bibigay na sana ako, pero alam ko kung saan mismo nakalagak ang aking kaligtasan! Hinding-hindi ko Ito maitatanggi! Gayong ako'y patayin nito, hinding-hindi ko Ito maitatanggi. Lumipat na ako mula kamatayan patungong Buhay, sa biyaya ng Diyos. Lahat ng kabalisahan ko'y nailagak sa Kanya, dahil pinagmamalasakitan Niya ako. At pinagmamalasakitan Niya kayo.

Iyuko po natin ang ating mga ulo pansumandali ngayon.

139 At, iniisip ko lang, kung di n'yo pa nailalagak ang lahat ng inyong kabalisahan sa Kanya; marahil nailagak n'yo ang ilan, pero may kaunting pangamba nga kayo na ilagak lahat. Gaya ng mga mananampalatayang hanggang hangganan lang, gaya dun sa Mga Hebreo 10. Ang sabi dun sa Mga Hebreo sa ika-6 na kabanata, sabi:

> . . . *yamang* ating *ipinapapako* sa sarili natin *muli ang Anak ng Dios,* . . .
>
> . . . at ariin *ang dugo ng tipan, na nagpabanal sa* atin, *na di banal, at* . . . *at umalipusta* sa gawa *ng biyaya?*

140 Mga Hebreo 10, sabi:

> . . . *kung ating sinasadya ang pagkakasala pagkatapos* . . . *na ating matanggap ang pagkakilala sa katotohanan, ay wala nang haing natitira pa tungkol sa mga kasalanan,*
>
> *Kundi isang* . . . *kakilakilabot na paghihintay* patungo *sa paghuhukom at isang kabangisan ng apoy* . . .
>
> *Sapagka't ating nakikilala* . . .
>
> Ito'y *Kakilakilabot na bagay na mahulog sa mga kamay ng Dios na buhay.*

Habang may habag pa, habag sa Bukal, habang may dako pa sa Bukal!

141 Ang Kasulatan na 'yan, habang nananalangin kayo, gusto kong banggitin 'yan sa inyo. Ano bang tinutukoy ng Kasulatan na 'yan, "Minsang naliwanagan na, di na kailan makakararating sa buong pagkaalam"? Gaya nung mananampalataya roon na hanggang hangganan lang, gaya sa Genesis 14, o nung ang— nung ang. . . Sa Exodo, nung makasapit na sa lupang pangako ang mga Israelita, na natikman ang mismong mga ubas mula sa lupang pangako; pero bumabalik na naduduwag, natatakot, "Di natin kayang magpunta roon, ang kalaban ay malalaki." Mga mananampalatayang hanggang hangganan lang, mga taong nagpupunta ng simbahan at, oh, sinasabi, "Kamangha-mangha nga," pero hindi kayang idaiti ang kamay rito. Di nakahanda na magpatirapa sa altar, at magsasabi sana, "Diyos, puspusin Mo po ako ng Espiritu, at ibunsod na ako'y maging isa sa Iyong mga anak." Hanggang hangganan lang! Ayaw natin ng ganoon.

142 Maging tunay na Cristiano tayo. Mag-alab nawa ang iglesya na ito, na ang mga pagtitipon para sa pananalangin ay mayroon palagi, mga pagtitipon sa buong siyudad, saan mang dako; ang mga manggagawa, di na kailangang sabihan pa, pero may pagkukusa mismo na gumawa anumang oras para sa Kaharian ng Diyos. At ibunsod na ang ibang mga kaiglesyahan na kinakatawan rito, nawa'y ang mga miyembro'y bumalik sa kanilang iglesya, kamit ang karanasan na 'yun. Ilagak natin ang kabalisahan natin sa Kanya, dahil pinagmamalasakitan Niya tayo. Siya ang Mangaaliw.

143 Kung may ganyan po sa gabing ito, na matapat na ihahayag sa harap ng Diyos na wala kayo nitong kapayapaan na ito, na makakapagpalagak sa inyo ng bawat kabalisahan sa Kanya, pero ninanais n'yo ito; sumubok kayo noon, padapa-dapa kayo para lang makuha ito, pero hindi kayo nakasapit sa dako na tunay na buong isinusuko n'yo ang inyong sarili sa Kanya, at ngayon nga'y ninanais n'yo nang gawin, maaari bang sabihin n'yo, "Alalahanin mo po ako sa panalangin, Kapatid na Branham, habang itinataas ko ang kamay ko"? Maaari n'yo bang itaas na ang inyong mga kamay ngayon, sabihin lang, "Alalahanin mo po ako, Kapatid na Branham, sa panalangin." Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. Pagpalain ka, at ikaw, at ikaw sa banda rito. Oo. At diyan sa pinaka likod na likod, pagpalain kayo ng Diyos. Nakikita Niya ang inyong mga kamay na nagsisipagtaas. Pagpalain ka ng Panginoon, binibini. Pagpalain ka ng Diyos ikaw na nasa harap, kapatid na babae. At pagpalain ka ng Diyos diyan sa likod, kapatid kong lalaki. Pinagmamalasakitan Niya kayo. Dati-rati'y inaawit natin ang munting awitin na 'yun:

> He careth for you,
> He careth for you;
> Through sunshine or shadow,
> He careth for you.

144 Naalala n'yo, Arizona, 'yung unang biyahe ko rito, at umawit kayo ng "hanggang sa muli" sa akin ng kantang 'yun, ng munting Espanyol na koro rito mula sa simbahan ni Kapatid na Garcia; nung nagtipun-tipon tayo roon sa California, nung lumakad ako sa hanay, umiiyak, at nagkakawayan sa isa't isa. Marami ang mga papa at mama, at marami sa kanila ang lumiban na sa ibayo ng tabing, ngayong gabi. Pero Siya nga'y may malasakit pa rin sa inyo. Patuloy Siyang magmamalasakit. Sa panahon na walang magmamalasakit, magmamalasakit Siya. Ibigin n'yo Siya ngayon, at naisin n'yo na. . . Naisin n'yo na Siya'y magmalasakit sa inyo, at kayo man ay magnais na Siya'y pagmalasakitan. Itaas n'yo ang inyong kamay, sabihin, "Alalahanin mo ako sa pananalangin, Kapatid na Branham. May pangangailangan ako sa gabing ito na di ko kayang ilapag sa altar. Maliban na . . . "

145 At lumakad lang kayo palayo, ilagak 'yan sa Panginoon, at sabihin, "Panginoon, ako'y—ako'y isang taong naninigarilyo." Pagpalain ka ng Diyos, kapatid. "Isa akong lasenggo. Ako'y—ako'y isang sinungaling. Di ko magawang ihinto ang pagbibiro, pagsasabi ng mahahalay na biro. Di ko magawang huminto sa pag-iinom, sosyalang pakikipag-inuman, kapag nakikisalamuha sa madla. Nais kong—nais kong—nais kong makalaya mula sa lahat ng mga ito. Ako—ako—ako'y sadya ngang nakatingin lagi sa masasamang bagay, sa mga lansangan na puno ng—ng maduduming babae at lalaki. At—at nais ko—nais ko—nais ko na makalayo mula sa mga ganito. Iyo po bang ibubunsod, Oh Diyos, na magawa kong ilagak ang lahat ng aking pagkabalisa, sa gabing ito, sa Iyo?"

146 Magagawa n'yo bang itaas ang inyong kamay, magsasabi, "Ipanalangin mo ako, Kapatid na Branham. Narito ako ngayon para isuko ang lahat, at ilagay ito sa altar, at ilalagak ko ang lahat ng kabalisahan ko sa Kanya"? Mayroon pa ba bago tayo manalangin?

147 Pagpalain ng Diyos ang isa rito, na kabataang nakaupo rito na ang kamay ay nakataas, ang munting kabataan na nakasuot ng pulang sweater. "Papatnubayan sila ng munting bata," tunay na ang mga Kasulatan ay tama.

148 Mayroon pa po ba sa kung saan, magagawa n'yo bang itaas ang inyong kamay, at sabihin, "Ipanalangin mo po ako"? Pagpalain ka ng Diyos, munting batang Espanyol na nakaupo rito. Mayroon pa po ba? Pagpalain ka ng Diyos, binibini, nakikita ko ang kamay mo. Hayan ka rin, ginoo, nakikita ko ang kamay mo. At ang kabataang Espanyol sa likuran. At ang binibining nakaupo rito. Nakikita ko. Nakikita ng Diyos ang inyong kamay, nauunawaan Niya ang inyong damdamin. Pagpalain ka, kapatid na babae. Pagpalain ka, kapatid na lalaki. Mainam 'yan. May iba pa ba na magsasabi, "Alalahanin mo po ako, Kapatid na Branham"? Pagpalain ka ng Diyos, iho anak. Pagpalain ka ng

Diyos, kapatid na babae. At ikaw, ang munting batang babae na nakaupo rito. Doon sa likod na likod, nakikita ko ang inyong kamay, ang malaking katawan na lalaki na nakataas ang kamay sa ere. Pagpalain ka ng Diyos nakaupo rito, kabataan, na nasa kalakasan ng buhay, nakaupo rito na ang ulo niya'y nakayuko.

149 Oh, grabeng sandali! May mga pasyang binubuo, "Maaari ko bang ilagak ang aking kabalisahan sa Kanya?" Tila nga kakatwa. Pagpalain ng Diyos ang matandang mag-asawa rito. "Ilalagak ko ang aking kabalisahan sa Kanya." Opo, isuko n'yo lang ang lahat. Aking . . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] "Heto ang lahat ng kabalisahan ko, na ilalagak sa Iyo. Ako po'y sumasampalataya." Pagpalain ka ng Diyos, kabataang babae diyan sa likod, ang Espanyol na dalagita. Ang binatilyong 'yan. Ang dalagitang 'yan. Oo. Pagpalain kayo ng Diyos. Mainam 'yan. Baka mayroon pang iba bago ang pananalangin ngayon? Alalahanin n'yo, bumubuo kayo ng inyong . . .

150 Pagpalain ang munting batang lalaki na ito. Pagpalain ang kabataang babae na ito rito. Oh! (At kayo na nananalangin, may gusto lang po akong sabihin.) Isa sa pinaka kalugud-lugod na tanawin! Kung may bukas pa, hayan nga na nakaupo riyan ang isang ministro na nakatingin sa akin, na mga apat na taong gulang pa lang ngayon.

151 Ngayon alalahanin n'yo, ang espirituwal na pagkilala, di ko pa ito naibibigay rito sa iglesya nitong huling gabi o dalawa. Ninanais ko po munang dumako sa isang bagay unang-una. May mga nakaupo rito na may patotoo sa kanilang mga puso (alam ko), na pinagaling ilang taon na ang nakararaan, at lahat ng mga bagay na ito. Pero nais ko ngang ilagay ang unang mga bagay unang-una. Ilagay natin ang ating mga kaluluwa sa kalagayan na tayo'y makapagtitiwala sa Diyos at mailalagak ang lahat sa may altar, sabihin, "Panginoong Diyos, heto ako."

> But that Thy Blood was shed for me,
> And that Thou biddest me come to Thee,
> O Lamb of God, I come! I come!

152 [Sinimulang ihiging ni Kapatid na Branham ang *Just As I Am*—Pat.] Iniisip ko ngayon . . . yamang marami ang nagtaas ng kanilang mga kamay.

153 May kung anong bagay talaga sa isang iglesya, na kalugud-lugod talaga. Dito sa dakong ito nagkakatipon ang mga banal, oras-oras, para makapanalangin, kung saan ipinapangaral ang pagmi-ministeryo mula sa entablado. May bagay na kalugud-lugod talaga sa isang iglesya. Ang mundo'y talagang matao na sa panahon ngayon, napakahirap magdaos ng malaking gawain sa iglesya, na ang mga tao'y nakatayo, siksikan.

154 At mga kalugud-lugod kong kapatid na lalaki't kapatid na babae, mga labing-dalawang taon ang nakararaan pumarito ako sa inyo, bilang isang batang-bata pang kalalakihan na

nagpapasimula sa pagmi-ministeryo. Marami sa inyo noon ang narito pa rin. Nakikita ko si Gng. Waldroff na nandito. Kung saan, dinala siya rito, na patay na, sa isang stretcher, na may kanser sa puso; maraming taon na ang nakararaan. At binuhay siyang muli ng Espiritu Santo. Pinatotohanan 'yan ng mga doktor niya't may mga rekord pa sila patungkol dito. Ang iba pa na nakaupo rito na. . . Ito'y napatunayan na, mga kaibigan, na iniibig Niya kayo.

155 Magagawa n'yo bang dumulog sa gabing ito ngayon? Kayo na nagsipagtaas ng kanilang mga kamay, na may bagay na nais n'yong ilagak sa Panginoon, ang kabalisahan n'yo, kayo ba'y makadudulog rito at hahayaan akong manalangin kasama n'yo? Halikayo, tumayo po. Kayo na di pa kinikilala si Cristo bilang inyong Tagapagligtas. O kung nakikilala n'yo Siya, at may mga gawi pa rin kayo na hirap kayong maalis, o kung ano, maaari po bang lumapit kayo rito? Huwag po kayong mahiya ngayon. Sasabihin n'yo, "Naitataas ko naman ang kamay ko, Kapatid na Branham." Kung ganoon ay siguradong makalalakad nga kayo rito at magsasabi, "Inaamin ko nang hayagan sa mga tao na kailangan ko si Cristo. Nagnanais akong makaparito at tumayo."

156 Ang sabi Niya, "Kung ikahihiya n'yo Ako, sa harap ng tao, ay ikahihiya Ko kayo sa harap ng Aking Ama at banal Niyang mga Anghel. Pero kung idedeklara n'yo Ako sa harap ng mga tao, siya'y Aking idedeklara sa harap ng Aking Ama at banal Niyang mga Anghel."

157 Magagawa n'yo bang lumakad na ngayon at pumarito sa pasilyo ngayon? Pumarito kayo at tumayo.

158 May kabataang babae na papalapit, marahil isang. . . Sa tingin ko'y isang babaing Intsik, papalapit na ngayon na handa nang maghayag sa harap ng mga tao na kailangan nga niya si Cristo. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. Hayan siya. Dadako ako riyan maya-maya.

159 May ilan pa ba na paparito ngayon habang aawit tayo? Pagpalain ka ng Diyos, ginoo.

Softly and tenderly. . .

160 Ngayon kung nagnanais kayong ilagak sa Kanya ang inyong mga kabalisahan, lumapit kayo, ilagak n'yo mismo sa Kanyang altar dito.

Calling for you. . .

161 Tumayo lang kayo, pumarito kayo. Nais nating tumayo rito at manalangin kasama n'yo, magpatong ng kamay sa inyo.

See on the portal He's waiting and watching,
Watching for. . .

162 Ano ang Kanyang inaantabayanan? Nag-aantabay para makita kung talagang sinsero ka, o hindi. Halina kayo ngayon, halina kayo. Talagang sinsero ka ba? Tunay, sinsero nga.

Come home, come, come . . .

Pagpalain ka ng Diyos, pagpalain ka ng Diyos, kabataang lalaki riyan.

Ye who are weary, come home;
Earnestly, (Diyos!) tenderly, Jesus . . .

163 May kabalisahan ba kayo sa gabing ito na di n'yo maalis-alis, na gusto n'yong ilagak sa Panginoon? Halina kayo.

Oh, sinner, come home!
Come home, come home,
Ye who are weary, come home;

164 [Iniwan ni Kapatid na Branham ang pulpito at nanalangin kasama ang mga tao sa altar, habang isang kapatid na lalaki ang patuloy na umaawit ng *Softly And Tenderly* kasama ang kongregasyon, at nangungusap sa kanila—Pat.] . . .? . . .

Though we have . . .

165 Magagawa n'yo bang pumarito na ngayon, sa dako rito, lumuhod po kayo rito sa palibot, para sa pananalangin. Kayo na wala pang kaluguran, diyan sa dako na kinatatayuan n'yo, kayo ba'y makalalapit? Halina kayo.

. . . for you and for me.

Come home,

Pagpalain ka ng Diyos, kabataang lalaki. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki.

. . . home,
Ye who are weary, come home;

166 [Iniwan ni Kapatid na Branham muli ang pulpito at nanalangin kasama ang mga tao sa altar, habang isang kapatid na lalaki ang patuloy na umaawit ng *Softly And Tenderly* kasama ang kongregasyon, at nangungusap sa kanila—Pat.] . . .? . . .

Come home . . .

167 Mayroon pa po ba rito na wala pang Espiritu Santo, na di pa napupuspos ng Espiritu ng Diyos, na di kayo sigurado sa katayuan n'yo? Itaas n'yo ang kamay n'yo, sabihin, "Di ko pa natatanggap ang Espiritu Santo, Kapatid na Branham." Natanggap n'yo na ba ang Espiritu Santo simula nang manampalataya kayo? Kung hindi pa, itaas n'yo ang inyong mga kamay. Gusto n'yo bang pumarito at lumuhod dito ngayon, at kami'y mananalangin para sa inyo, na matanggap n'yo ang Espiritu Santo? Halina kayo ngayon habang umaawit tayo.

Come home . . . come home,
Ye who are weary, come home;
Earnestly, tenderly, Jesus is calling,
Calling, O sinner, come home!

Why should we tarry when Jesus . . .

168 Magagawa n'yo bang lumapit na ngayon, sa palibot dito, ngayon habang tumatawag si Jesus? Marahil ito na ang huling pagtawag sa inyo. Di natin alam. Marahil hindi; marahil ito na. Magagawa n'yo bang lumapit na? Huwag po kayong makipag sapalaran. Kung di kayo nakakasigurado, lumapit na ngayon. Maaari na ba kayong lumapit?

. . . linger and heed not His mercy,
Mercy for you and for me?

Come home,

Pagpalain kayo ng Diyos, kapatid na lalaki, kapatid na babae.

. . . home,
Ye who are weary,

169 Ibinibigay ko na sa iyo para ituloy ito, kapatid. Pagpalain ka ng Diyos.

[Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Pagpalain ka ng Diyos, Kapatid na Branham. Salamat po sa pagpapahintulot sa akin na makatulong ako."—Pat.]

*Siya'y Nagmamalasakit Sa Inyo* TAG60-0301
(He Careth For You)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Martes ng gabi, Marso 1, 1960 sa First Assembly Of God sa Phoenix, Arizona, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2020 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:



Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org